



# FACT SHEET



U.S. Department of Health and Human Services • Office for Civil Rights • Washington, D.C. 20201 • (202) 619-0403

## ANG MGA KARAPATAN MO SA ILALIM NG PROBISYON NG PANGKOMUNIDAD NA SERBISYONG KASIGURAHAN NG BATAS NG HILL-BURTON

### Ano ang Hill-Burton?

Ang **Batas ng Hill-Burton** ay nagpapahintulot ng tulong sa publiko at mga iba pang di-nagpapatubong mga pasilidad na pangkalusugan katulad ng pangkalahatang ospital sa pag-aalaga para sa malulubha, mga ospital na espesyal, bahay-alagaan, pampublikong gusali ng kalusugan, at ang mga pasilidad para sa rehabilitasyon.

Ang Pangkomunidad na Serbisyong Kasiguruhan sa ilalim ng Titulo VI ng Batas ng Serbisyong Pambubliko na itinatakda sa lahat ng mga tumatanggap ng pondo sa Hill-Burton ay maglaan ng mga serbisyong isinasagawa ng pasilidad para sa mga tao na nakatira sa sakop ng lugar kung saan isinasagawa ang mga serbisyo ng pasilidad na walang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinangalingan, pananampalataya, o anumang dahilang walang kaugnayan sa pangangailangan ng mga indibidwal para sa mga serbisyo o magagamit ng mga indibidwal ang pasilidad. Ang mga pangangailang ito ay tumutukoy din sa mga taong nagtratrabaho sa pinaglilingkurang lugar ng pasilidad kung ito ay pinupondohan sa ilalim ng the Titulo XVI ng Batas ng Pampublikong Serbisyong Pangkalusugan. Mangyaring tandaan na ang obligasyong serbisyong komunidad ay hindi kinakailangang ang pasilidad ay gumawa ng mga di-emerhensiyang serbisyo na bukas sa mga taong hindi makapagbabayad para sa kanila. Subalit, iniuutos nito sa mga pasilidad na magsagawa ng mga serbisyong emerhensiya na walang pagtingin sa kakayahan ng taong makabayad.

May mga pangunahing pangangailangan na ang bawat ospital ng Hill-Burton o iba pang pasilidad ay kinakailangang tumugon upang mapunuan ang obligasyong serbisyong pangkomunidad:

- ✓ Ang taong nakatira sa lugar ng pinagseserbisyuhan ng pasilidad ng Hill-Burton ay may karapatan sa pagpapagamot sa pasilidad na hindi isinasaalang-alang ang lahi, kulay, bansang pinanggalingan o pananampalataya.
- ✓ Ang mga pasilidad ng Hill-Burton ay kinakailangang lumahok sa mga programa ng “Medicare” at “Medicaid” maliban kung hindi ito kwalipikadong lumahok.
- ✓ Ang mga pasilidad ng Hill-Burton ay kinakailangang magsagawa ng pakikipag-ayos para sa pagsauli ng nagugol para sa mga serbisyo sa pangunahing Estado at lokal na pangatlong partidong nagbayad na nagsagawa ng pagsasauli na hindi mababa sa aktuwal na halaga ng mga serbisyo.
- ✓ Ang mga pasilidad ng Hill-Burton ay kinakailangang magposte ng mga notisya na nagsasabi sa publiko ng kanilang mga obligasyong serbisyo na nakasulat sa Inglis at Espanyol. Kung may 10 porsiyento o mahigit pang mga pamilya sa lugar ng pinaglilingkurang ay nagsasalita ng wika maliban sa “English” at “Spanish”, kailangang isalin ng pasilidad ang notisya sa gayong wika at iposte rin ito.

- X Hindi kinakailangang tanggihan ng pasilidad ng Hill-Burton ang mga serbisyong emerhensiya sa sino mang tao na nakatira sa lugar ng pinaglilingkuran sa kadahilanang ang tao ay hindi makapagbabayad sa serbisyo.
- X Ang Hill-Burton ay hindi kinakailangang magpatupad ng mga alituntunin sa pagtanggap ng pasyente na naghihiwalay sa mga tao sa kadahilanan ng lahi, kulay, bansang pinanggalingan, pananampalataya o ano mang walang kaugnayan sa pangangailangan ng pasyente para sa serbisyo o kailangang serbisyong magagamit.

Ang buong regulasyon ng Departamento ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng Hill-Burton ng Amerika ay matatagpuan sa 42 CFR Bahagi 124.

Para sa impormasyon kung papaano makapagsasampa ng reklamo tungkol sa diskriminasyon, o sa pagkuha ng impormasyon na may kaunayan sa mga karapatang sibil, mangyari lamang makipag-ugnayan sa amin. Ang mga empleyado ng Tanggapan ng mga Karapatang Sibil (OCR) ay gagawin ang lahat ng kanilang makakaya upang maibigay ang mabilis na serbisyo.

**Hotlines:** 1-800-368-1019 (Voice)  
**E-mail:** [ocrmail@hhs.gov](mailto:ocrmail@hhs.gov)

**1-800-537-7697 (TDD)**  
**Website:** <http://www.hhs.gov/ocr>